Tunay na ang pinakapinangangambahan sa pinangangambahan ko para sa inyo ay ang Maliit na Pagtatambal." Nagsabi sila: "Ano po ang Maliit na Pagtatambal, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang pagpapakitang-tao

Ayon kay Maḥmūd bin Labīd (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Tunay na ang pinakapinangangambahan sa pinangangambahan ko para sa inyo ay ang Maliit na Pagtatambal." Nagsabi sila: "Ano po ang Maliit na Pagtatambal, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang pagpapakitang-tao. Magsasabi si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa kanila sa Araw ng Pagbangon kapag gagantihan ang mga tao sa mga gawa nila: Pumunta kayo sa kanila na kayo noon ay nagpapakitang-tao sa Mundo, saka tumingin kayo kung makatatagpo kaya kayo sa piling nila ng isang ganti."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang higit sa anumang pinangangambahan niya para sa Kalipunan niya ay ang Maliit na Pagtatambal. Ito ay ang pagpapakitang-tao sa pamamagitan ng paggawa dahil sa mga tao. Pagkatapos nagpabatid siya tungkol sa kaparusahan ng mga tagapagpakitang-tao sa Araw ng Pagbangon sa pamamagitan ng pagsabi sa kanila: "Pumunta kayo sa kanila na kayo noon ay gumagawa alang-alang sa kanila, saka tumingin kayo kung makapangyayari kaya sila sa paggantimpala sa inyo at pagkakaloob ng pabuya sa inyo sa gawang iyon."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3381